# Bagaong sa Lawod

NAP ARCILLA III

Buong linggo ka nang laman ng TV. Magmula pa noong Lunes na ginto pa ang mga pulseras mo. Noong pilit mong pinagkakasya ang mukha mo sa leather jacket na sa tingin ko'y bagong bili mo na naman. Hanggang ngayong naging pilak na ang mga pulseras at magkakasingkulay na kayo ng damit ni Wang sampu ng inyong mga kasama. Wang nga ba ang pangalan niya? Hindi ko sigurado. Nakita ko pa lang siya noong isama mo sa bahay. Noong huling bakasyon mo. Hindi ko naman siya makausap dahil akala ko palaging wala sa mood. Kung hindi pasinghot-singhot sa isang sulok ng kuwartong inupahan mo'y nakatutok naman sa magasing may mga modelong nagyayabangan ng dibdib.

Ilang buwan na nga ba 'yon, Elmer? Noong huli mo akong pasalubungan ng sapatos at relos. Na sa pang-ilang pagkakataon ay inalbor na naman ni Allan at Indoy na pang-ilang beses na namang ginupo ng mga serbesa. Binubuo pa natin noon ang plano mong muling pagbibigay ng pera sa elementary kung saan tayo nagtapos. Na kahit sinabihan na kitang dahan-dahan ka sa pamumudmod dahil baka maubos ang dala mo'y sige ka lang. Halos nagiging taon-taon na nga ang pagpapa-raffle mo ng bigas sa buong barangay. At paghahagis ng malulutong na sanlibo sa pantomina. Magkano nga ba ang binitawan mo doon? Sampu? Dalawampung libo? Kaya't sa bawat taga-San Rafael na masasalubong ko'y tatanungin ako kung uuwi ka raw, kahit ilang araw ka pa lang umalis pabalik ng Maynila.

Iba na ang naririnig ko bago ka pa dumating noong panahong iyon. O, baka may mga mas nauna pa akong naririnig pero ayaw ko lang pansinin. Si Allan siguro ang unang nagsabi sa akin na big-time na tulak ka na raw sa Maynila. Sinita kita tungkol dito bago pa kayo bumalik ng Maynila. 'Kako, totoo ba 'yon? Diretsang oo ang sagot mo. Kelan pa? Matagal na, sabi mo. Noong natanggal ka sa trabaho't iwanan ka ni Michelle. Sabi mo, wala kang alam kung saan ka kukuha ng ibubuhay kina Julienne at Jim. Ba't hindi ka na lang humiram ng pera sa kakilala mo, o sa akin, tanong ko. Sabi mo, hiyang-hiya na ako sa 'yo Valerie, at saka marami pa akong pinagkakautangan. Marami pa akong tinanong pero isang beses mo lang sinagot ang lahat. Ayaw mo nang maghirap.

◆ ◆ ◆

Hindi ko maaaring malimutan ang pamimingwit natin ng bagaong[1], ang pinagkukunan natin ng baon sa eskwela. Na natutuhan natin sa pagmamasid sa mga namamalakwit[2] sa hunasan[3]. Umaabot ng bente pesos ang kita natin sa pagtitinda ng mga huling bagaong. Sapat na para sa pambili ko ng paborito kong tsokolate't tsitsirya ngunit kulang pa rin sa inyo ng mga kapatid mo. Kahit pa pandagdag na lamang ang iniaabot mo kay Papay mo na buong araw sa laot. Ilang beses kang umiling sa ilang beses kong pagtatangka na ibigay sa 'yo ang parte ko. Sabi mo, pagod ko 'yon kaya 'wag ko dapat ibigay. Alam mo na kahit nakatira ako kay Tiyo Lito ay bihira naman akong abutan ng pera kahit pa walang palya ang padala ni Nanay mula Bahrain. Oo at namamaga ang mga bulsa natin sa tsokolate at biskwit tuwing umuuwi ang Nanay pero hanggang doon lang iyon. Dalawa, tatlong linggo. Habang hindi pa siya nakababalik. Mas madalas, sariling diskarte natin ang nagbibigay sa atin ng pera.

Grade Two 'ata tayo noon nang inalbor mo ang trabahong iyon kay Manoy Jaime. Sabi mo, Val, singkwenta ang ipambabayad sa atin ni Manoy Jaime! Bumilog nang husto ang mga mata mo noon. Hindi sana ako sasama sa 'yo pero nakita kong malaking halaga na rin para sa 'yo ang pera kaya sumunod na lang ako.

Mahirap noong una. Ilang ulit akong nagsuka papalapit pa lamang tayo sa kasilyas. Binabara noon ng baho ang paghinga ko. Sabi mo, hubarin ko lang ang t-shirt ko at isuot sa ulo. 'Yong parang sa ninjang napapanood natin sa TV. Ginawa ko naman iyon pero hindi ko pa rin matagalan ang amoy ng lugar na iyon. Pinabilib mo ako kung paano ka nakahihinga sa gano'ng lugar. Pangiti-ngiti ka lang kapag naglilinis ka. Pangiti-ngiti ka lang.

Pinaigib mo ako ng tubig habang sinimulan mong buhusan ang namamagkit na sahig ng kasilyas. Pinatalim na dulo ng kawayan ang gamit mo. Ikaw ang kakalkal, sabi mo. Ako naman ang bubuhos ng tubig. Hindi pabagsak, diin mo. Dapat ang pagbuhos ko ay katulad ng galaw ng dagat, ng galaw ng mga alon sa aplaya. Pinapantay ang lahat. Saka mo na kakalkalin nang kakalkalin hanggang magsilambot. At bumigay. At tuluyang anurin pababa ng kasilyas na gawa sa pinagtagpi-tagping kahoy at kawayan.

May mga pagkakataong sobrang dikit ng mga tae lalo na kung ilang tae nang nagkapatung-patong at naging isa na. Hirap nang paghiwalayin. Sa kakakalkal mo nga minsa'y nagkandagasgas na ang sahig. Minsan nga'y nabutasan na. Ito ang mga beses na kinailangan ko na ring tumulong sa pagkakalkal.

Gawa sa mga terserang mga troso at murang kawayan ang pundasyon ng kasilyas ngunit wala itong inidoro. Pinalulusot lang sa gitna ng dalawang tabla na may sapat na agwat ang tinatae. Madali kong malambot. Ang problema ay kung tubol. At ang pinagtataka ko lang. Malamang ay pinagtataka mo rin. Sa tinagal-tagal ng mga taong gumagamit ng kasilyas na iyon, marami pa rin ang

---

1 bagaong (png) uri ng isdang babansi, may tatlong nankakurbang guhit na itim sa katawan

2 namamalakwit (png) taong namimingwit gamit ang balakwit (png) mahabang patpat na kawayan na singliit ng daliri ang kabilugan

3

hindi makasaktong tumae sa siwang. 'Yong didiretso na sa awang at gugulong o madudurog na lamang sa batuhan. At didiretso na sa dagat.

Dahil nasa tagpuan ng dagat at ilog ang kasilyas, malaking tulong ang tubig mula sa dalawa sa paglilinis natin. Kapag kumakati, nagiging madali ang paglilinis dahil agarang nanlalambot ang nagsitigasang tae. Pero kung oras ng hunas, pahirapan. Naalala ko. Ilang ulit pa tayo noong papalit-palit ng sabon. Ang sabi ko'y 'yong sabon ng kalbo ang gamitin natin. Suhestiyon mo naman ang sabon na inendoso ng isang sikat na artista. Pawang walang kuwenta ang dalawa. Ni isang bula walang lumitaw kahit pa ibinuhos nating lahat ang sabong pulbos. Halos mahimatay na tayo noon sa kakakalkal. Hanggang tumilamsik na ang mga piraso ng madikit na tae sa mukha mo. At mukha ko rin. Nauwi na lang sa tawa ang lahat.

Kahit matinding sakripisyo ang kailangan sa kasilyas na iyon, totoo namang kumita tayo. Hindi lang sa paglilinis. Nang madiskubre mong namamahay ang napakaraming bagaong sa ilalim ng kasilyas, naisipan mong mamingwit. Tae pala ang madaling ipain sa kanila! At hindi ka nga nagkamali. Umabot sa sandaan ang kita natin dalawa hanggang apat na beses kada linggo. Depende sa dami ng taeng nakalkal natin at inihulog sa ilalim ang dami ng huli natin. Depende na rin kung may pera ang mga namamalakwit na ginagamit ang mga isdang busog sa tae bilang pain sa pamimingwit ng mas malalaking isda. Magkagano'n man, pumapasok na tayo sa eskwelang taas ang baba at hindi kumakalam ang tiyan. Takang-taka nga ang mga magulang mo noon kapag dumarating silang dumidighay na lamang ang mga kapatid mo. Guguluhin na lang nila ang mga buhok natin.

Naging taguan natin ang kasilyas sa mahabang panahon. Doon na tayo nagtatago sa tuwing nagkaka-trouble tayo, basta walang umuokupa sa banyo. Doon na tayo pinupuntahan ng Tatay mo pagkarating niya mula sa laot at makikipagkuwentuhan dahil sa walang huli. Dahil naharangan na naman ng mga lantsang pag-aari ni Kapitan ang mga sibid-sibid nilang kusa na nga lang umuusad dahil sa labis na kalumaan. Doon din ako sinusundo ni Tiyo Lito pagkatapos niya magserbisyo sa simbahan. Doon din ako muntikang mamatay.

Dulnok[4] noong araw na iyon. Kulay-patay ang lahat. Itinaas ang lahat ng bangka sa bahagi ng aplayang hindi aabutin ng mga alon gaano man ito kalakas o kataas. Yinaya kita noon sa kasilyas. Sabi ko, baka madaling maglinis dahil malakas nga ang alon. Malilibre ang pabalik-balik na pag-iigib. Sumama ka naman kaagad. Iba ang amoy ng kasilyas ng araw na iyon. Humahalo sa lansa ng dagat. Naging tama ang hinala ko. Inaabot ng mga alon dahil nakakati ang dagat. Mabilis kong nalinis ang lahat. Kumukuha ka noon ng tubig na panbanlaw na sana nang lumangitngit ang ilan sa mga tablang sahig. Nakita ko nang maghiwalay sa pagkakapit ang dalawa, tatlong kahoy. Sisigaw pa lang ako nang tuluyan nang lumaki ang agwat ng kinatatayuan kong mga kahoy. At tuluyan na akong nahulog sa ilalim kasabay ng mga nagsibagsakang tabla't kawayan. Buti at hindi ako tinamaan ng mga 'yon! Kumapit ako sa isang kawayang lumulutang

---

4 **dulnok** (pang-uri) malakas ang dagat kahit na walang banta ng bagyo o kahalintulad na sama ng panahon

pero dumudulas pa rin ako. Madulas at malagkit ang lahat. Minanhid na ako ng amoy at takot. Hanggang makabitaw na ako sa pagkakapit. Bago pa ako tuluyang malunod, may humila na sa damit ko. Itinaas ako na parang sanggol na kinukuha sa kuna. Sa paningin na hinaharangan ng mga taeng bumalot sa mukha ko nang mahulog ako, nakita ko ang mukha mo. Kumapit ako sa mga braso mo ngunit imbes na ako ang maitaas mo sa batuhan, ikaw ang nahila ko sa nilulubugang burak at tae. Para tayong mga bagaong na nagtatampisaw, lumalangoy sa tagpuang iyon ng ilog at dagat. Hirap makahinga kung tae ang nanunuot sa mga butas ng ilong mo. Kahit anong tanggal mo sa mga sumisiksik, hinihigop pa rin ang mga iyon sa bawat paghinga. Kahit anong pagpipigil. Kahit anong pagpupumiglas. Mga kamay pa rin ni Manoy Jaime ang nagtanggal sa atin mula sa lumulubog na mga tae na sakto namang tatae sana noong oras na iyon. Halos isang araw tayong naligo sa poso noon. Halos maubos natin ang sabong binigay ni Manoy Jaime. Pero hanggang ngayon, pakiramdam ko. May bahagi pa rin ng katawan ko ang hindi mabanlawan. Hindi matanggalan ng tae't tanginang amoy noong habambuhay na 'atang kumakapit sa atin.

◆ ◆ ◆

Nasa ikaanim na baitang tayo nang sirain ang kasilyas at magpagawa ng bago si Kapitan. Kongkreto. Naka-extra lang tayo noong simula sa pagbubuhat ng mga kahoy at bakal na gagamitin sa pagtatayo. Ayaw pa nga akong isama ni Manoy Jaime pero napakiusapan mo pa rin siya. Pagkatapos noon, wala na. Nawala na rin ang mga bagaong na pinagkakakitaan natin. Kaya't napilitan na tayong pumasok araw-araw sa eskwela.

Manhid na naman tayo noon sa mga pang-aasar ng mga kaklase natin kaya wa epek nang araw-araw na tawagin tayong "Batang Tae". Sa basagan ng mukha, wala kang sinasanto, kaya wala akong problema. Iyong manoy na hayskul na nga, si Jeff na humarang sa atin, pinatakbo mo pa matapos mong pilipitin ang kanang braso. Takot ako noong umpisa lalo nang tamaan ka't sumirit ang dugo sa kanang kilay mo. Pero natanggal 'yong kaba ko nang mapilipit mo na nga ang braso niya.

Marami ka pang pinilipit na braso at ginawang kulay talong ang mukha. Madalas nga tayo sa opisina ni Mrs. Lim. At madalas ding pinapupunta ang Tatay mo para makinig sa mga dapat daw gawin ng isang ama. Tatango-tango lang siya pero pagkatapos tatapikin lang tayo sa balikat at sasabihing tama lang ang ginawa natin. Na 'wag tayong paaapi.

Oo at pinandidirihan tayo ng mga kaklase natin. Walang gustong maging kaibigan natin. Kung hindi nga lang natin pinagsasapak ang mga umagaw ng baon nina Allan at Indoy noong taong iyon, pihadong hindi natin sila naging mga kaibigan. Naalala ko pa 'yong isang siga na binasag mo ang ilong. Hanggang ngayon, hindi pa naayos.

Tanging si Ginang Reyes nga lang ang nagtiyagang magturo sa atin na magbasa nang hindi nagtatakip ng ilong. Dumistansya ka sa akin noon nang makabisado ko na ang pagbabasa. Sabi mo hindi para sa iyo ang klase. Pinilit

kong turuan ka pero bawat beses na sinisipat mo ang nakasulat sa mga libro, nahihilo ka, sabi mo, ng mga nagsisilikutang mga letra. Ilang beses pa kitang pinilit pero naiinis ka na sa bawat pagtatangka ko. Isa pa, gusto mong maghanap ng pagkakakitaan, nakaratay na noon ang Mamay mo't hindi na humihinto sa pag-ubo.

Ayoko noong magpaiwan sa klasrum noong una para sa patuloy na pagtuturo sa akin ni Ginang Reyes pero sabi mo maghihintay ka lang sa tabi-tabi. Palagi kang hinahanap noon ni Ginang Reyes. At lagi akong binibilin 'pag uwian na yayain ka sa susunod sabay abot sa akin ng gawa niyang dalawang ensaymada para sa ating dalawa. Umuo ako sa bawat bilin niya kahit alam ko namang hindi ka na papasok. Kahit pa palagi mong sinasabing nasa tabi-tabi ka lang.

Pero pinilit kitang yayain kahit na nagkasakitan na tayo. Naitulak mo ako noon at tumama ang mukha ko sa pinto ng klasrum habang hinihila kitang pumasok. Nakonsensiya ka kaya noong araw na iyon bitbit kita at ang isang malaking bukol sa noo pagpasok sa klasrum ni Ginang Reyes.

Noong makuwento ko kay Mam na bibihira kang makadadalo sa pagbabasa tuwing uwian. Dahil kailangan mong dumiskarte ng makakain. Sinabi ni Ginang Reyes na maglinis na lang tayo ng CR ng klasrum dahil nahihirapan na nga rin siyang maglinis nito dahil sa namamaralisa niyang rayuma, at babayaran na lang daw niya tayo sa paglilinis. Tiningnan kita't alam ko sa puntong iyon na inaalala mo na kung saan mo huling itinago ang mga kawayang patpat na ginamit natin sa paglilinis.

Pinakamapera na 'ata natin ang mga araw na iyon, Elmer. Minsan nga'y nililibre pa natin ng sopdrink sina Allan at Indoy. Magbabasa tayo bago umuwi pagkatapos kakainin natin ang mga ensaymadang bigay ni Ginang Reyes. Bago pa man ang gradweysyon natin noong 2000, marunong ka nang magbasa.

Excited tayong maghayskul noon. Sinasabi ng lahat na libre raw ang lahat sa hayskul kaya wala tayong magiging problema. Pero iba pala ang ibig sabihin ng libre. Libre pala ang tumutukoy sa mga bayarin natin bago tuluyang tanggapin. Singkwenta sa publication fee. Bente sa TB. Kwarenta sa iskawting. Tig-bibente sa iba't ibang club na hindi ko na nga maalala ang lahat. Taenang mga 'yan.

Dahil direkta na akong napapadalhan ni Nanay, tuloy naman ang paghahayskul ko. Ikaw, aral sa umaga, laot sa gabi. Tuwing Sabado at Linggo na lang tayo nagkakasama nang matagal. Tuwing sasama ako sa pamimingwit mo sa mas malalalim na parte ng dagat sakay ng isang bangkang de-motor. Mas malalaki kasi ang huli mo sa bahaging 'yon.

Pagsusugal ang pangingisda. Iyan ang itinuro ng dagat. May mga beses na ang huli natin ay kulang pang bayad sa inutang nating gasolina. May mga pagkakataon namang pakiramdam nati'y sindami na natin ng pera si Kap, o kahit na nga siguro si Pay Mauro, ang pinakamayamang may-ari ng tindahan sa atin.

Naalala mo pa ba noong nakahuli tayo ng bagaong sa lawod? Halos kalahating oras ka 'atang nakipagbuno sa isdang iyon. Nautog nga nang sagad ang linya mo. Nagtatalon na ako noon dahil kadalasan mamahalin ang

nahuhuli sa bahaging iyon ng dagat. Kung hindi kugtung[5], malasugi o barakuda. Naglalanguyan sa isip ko ang mga isdang iyon. Big-time! Pero kumunot ang mga noo natin nang makita natin ang kabuuan ng isda nang maisampa mo na ito sa bangka. Tatlong pakurbang linyang pahalang sa katawan. Nagkukulay tansong mga kaliskis. Siguro, pareho ang naghuhuramentadong tanong natin sa puntong iyon. Bakit may bagaong sa gitnang iyon ng dagat? Sa layo nito sa lugar kung saan kadalasang nagiginginain ang mga bagaong, baka magkakulay lang? Pero hindi. Sa ilang taon nating panghuhuli ng mga bagaong, sigurado tayong bagaong ito. Pahaplos mong hinahawakan ang isda habang nagbuburay ni ina ka. Hinawakan mo ito sa buntot at akma na sanang itatapon sa dagat nang hawakan kita sa pulsuhan. Nagpupumiglas ka noon at halos magkasakitan na tayo. Alam nating walang kikitain sa isdang iyon. Ikaw, na ilang araw nang walang maayos na huli, ay pihadong punong-puno na sa lahat. Inakap kita't binitiwan mo ang isda. Narinig ko ang panginginig ng boses mo habang uniti-unti mong nabasa ang kanang balikat ko.

Nag-agawan ang mga mapera sa baryo nang malaman ang huli natin. Parang subastahan. Ang tatay mo ang tagagitna sa lahat, parang kristo sa sabong. Tatlong daan ang presyo ni Kapitan kada kilo. Tatlong daan at limampu kay Mrs. Lim, ang prinisipal sa elementary. Apat na raan kay Manong Kulas, tatay ng magkakapatid na Japayuki. Tinginan nang tinginan lang tayong dalawa. Lalo pang nanlaki ang mga mata mo noon. Lunok lang ako nang lunok ng laway. Ang inakala na nating bato ay pera pala. Natapos ang lahat nang sanlibo ang binigay ni Pay Mauro bawat kilo. Magtatatlong libo ang bayad sa bagaong. Sabay na tayong nagtatalon sa eksenang 'yon. Sa tanang buhay natin noon, doon ka lang kumita ng gano'n kalaki. Kahit ako, na may inang nagtatrabaho sa abroad, ay tuwang-tuwa sa kita ko. Pero mas masaya ako para sa 'yo. Pihadong disente ang uulamin ninyo sa mga susunod na araw.

Ako ang nagtanong sa tatay mo kung bakit ganoon na lang ang pagkagusto ng mga tao sa isda. Sabi ng tatay mo, bagaong sa lawod kasi iyon. Hindi naman 'yon katulad ng mga bagaong sa tabi-tabi. Malambot raw ang laman nun. Kahit na nga raw ulo at mga tinik ay lumalambot. Hindi katulad ng iba. Lalo na ng mga mumurahing isda na kapag nangangayayat at pinirito mo ay kumukunat, tumitigas. Nawawalan ng natural na katas.

Buong gabi tayong hagalpakan noon. Iyon na siguro ang tawanan nating tagos sa loob. Totoo. Hindi dahil sa pera o kung dahil sa ano pa man. Totoong saya. Iyon na nga siguro ang huli. Dahil iyon na ang huling pagpalaot nating dalawa. Papunta tayo sa bahay ninyo noon kasama ng Tatay mo nang sinalubong tayo ng kapatid mo. Nagsusuka raw ang mga kapatid mo, mataas ang lagnat. Apat na mga kapatid mo ang nagkatipus. Hindi naging sapat ang presyo ng bagaong sa lawod para ipambayad sa ospital. Sa unang pagkakataon, tinanggap mo ang perang binigay ko mula sa parte ko. Nag-ambagan naman ang magkakapitbahay. Nagpadala pa nga si Nanay ng dagdag tulong. Na kinalauna'y ginastos ninyo na lamang sa pagpapalibing ng mga kapatid ninyo. Tayo-tayo rin ang nagkaharapan sa burol. Nag-abot naman ang karamihan ang maykaya

5 **kugtung** (png) isa sa pinakamalaking uri ng lapu-lapu

sa barangay. Ilang mukha ni Ninoy at Roxas din ang nakarating mula sa mga kupal sa bayan. Pero hindi sila nakapunta gaya ng pagpunta noong namatay ang anak ni Kap. Takot sigurong mahawa. Hindi ko lang sigurado kung sa sakit o sa kamalasan.

Hindi na kita pinigilan nang magpasya kang sumabay kay Manoy Jaime papuntang Maynila. Doon ka na lang sabi mo magpapatuloy ng pag-aaral. Walang salita tayong binitawan. Para saan pa? Walang palitan ng gamit na magpapaalala sa bawat isa. Sa isip ko noon, maaalala naman kita bawat tae ko. Hindi na ako lumuha pa. Wala namang napapala ang ganitong mga bagay. Hindi na kita hinintay na lumingon pa matapos ang huli mong kaway pagkatapos mong sumabit sa dyip papuntang Calolbon.

◆ ◆ ◆

Labinlimang taon ang nalagas bago ka bumalik sa San Rafael. Kung hindi lang nagdesisyon ang mga kaanak ni Manoy Jaime na ilipat ang bangkay niya dito sa atin ay hindi ka umuwi.

Nag-alangan pa akong batiin ka nang makita ka namin nina Allan at Indoy sa burol. Nauna mo pang inakap yung dalawa, pinagtripan ang buteteng-tiyan ni Indoy. Para lang akong nakatulos na nauupos na kandila ng mga oras na iyon. Ewan ko ba. Tanso na ang buhok mo't balot ka na ng tato pero malamlam pa rin ang mata mo gaya ng dati. Gaya noong sumabit ka sa dyip. Noong pumunta ka sa Maynila.

Ngiti ang sinalubong natin sa isa't isa pagkatapos ninyong magkumustahang tatlo. Ang mga sumunod na oras ang mga oras ng pagbubuklat mo ng buhay sa akin sa huling labinlimang taon ng buhay mo.

Hindi ka nakapagtapos ng hayskul. Mahirap 'kamo sa Maynila. Binabayaran ang lahat. Sabi mo, ang tiking isda na pinamimigay nang libre dito, o kahit ang mga talbos ng kamote't mga dahon ng malunggay ay binebenta. Nagtrabaho ka kaagad dahil na nga rin kinailangan mong magpadala sa tatay mo't mga kapatid na nanirahan na noon sa Camarines Sur. Magkasama kayo ni Manoy Jaime at ng ilan pang mga taga sa atin sa isang kompanyang humihigop ng tae sa pozo negro. Pag-aari kamo ito ng isang pulis. One-star general kamo ito. Madaling lapitan basta madali kang sumunod.

Sa mga subdivision, condo at mall kayo nakatoka. Doon mo na nakilala si Michelle, Bikolana rin na nagtatrabaho bilang office girl. Gumulong pa ang limang taon at nagsama kayo't nagkaanak ng kambal.

Mahirap sa Maynila, Valerie, pero kahit papaano'y nakalilimutan ko ang hirap dahil maraming mapaglilibangan. Ewan ko kung bakit medyo nadurog ako ng mga sinabi mong iyon. Baka naaalala ko pa iyong mga ginagawa natin dati. 'Yong paglilinis ng kasilyas. 'Yong pamimingwit.

Taunan ka nang umuwi mula noon. Iyon na nga ang simula ng mga pa-raffle sa plasa at elementary tuwing alumni homecoming na ikaw ang kadalasang isponsor. Naging mabango ang pangalan mo. Tinalo mo pa si Mayor. May mga bulong-bulungan pa ngang tatakbo ka raw na konsehal. O baka mayor.

Kagaguhan! Akalain mong dinaga sila ng dahil sa pamimigay mo ng kung ano-ano.

Kahit nga kaming tatlo, bumango rin ang pangalan. Tiningala sa baryo. Higit pa sa mga pasalubong mong binibigay bawat uwi mo, impluwensiya mo ang nagbago sa lahat. Para kaming mga langaw na nakadapo sa matayog na tae.

Huling uwi mo nang iuwi ang isang bangkay ng isa sa mga katrabaho mo. Gaya ni Manoy Jaime, sabi mo napagkamalan lang na adik. Ilan na nga ba sa atin ang umuwing tigas-tuod na? Doon na nagkuwento si Allan. O doon ko na nga sinimulang pakinggan ang mga bumubulong sa akin. Nagtalo tayo sa ibabaw ng mga beer na kalahating ubos na. Siyempre, lugmok na 'yong dalawa. Ayaw mo nang maghirap. Ayaw mo nang maghirap. Pero masyadong delikado, sabi ko, ang pinasok mo. Alam kong alam mo kung paano kadelikado sa Maynila ang mga ganyang trabaho. Ngumiti ka lang. Ngumiti ka lang. Hindi ko alam kong ngumiti ka dahil kaya mong diskartehan ang lahat, o dahil wala ka namang ibang magagawa.

Hininto ang almusal namin ni Allan noong Lunes. Hindi ko na maubos ang tortang isda. Pakiramdam ko'y may kung anong tinik na sumalubsob sa lalamunan ko. Kilala ko ang postura mo. At mas kilala ko ang pangalan na nakasulat sa ibabang bahagi ng TV habang akay-akay ng mga pulis ang isang lalakeng may tansong buhok at pilit itinatago ang mukha sa leather jacket na hawak. Naririnig ko na ang mga bibig ng buong barangay. Na dati ko namang naririnig kapag pinag-uusapan kami ng buong San Rafael. Bigla kong naamoy ang tubig-taeng nahulugan ko't linangoy nating dalawa. Ang bagaong sa lawod nang tanggalan mo ng hasang at linisan ng tiyan ay nakuhaan natin ng parehong bagay na kinakain ng mga bagaong sa tabi-tabi. Tae ang lahat!

Habambuhay ka na sigurong makukulong sa alaala ko. Magkita man tayo o hindi. Lagi't lagi kong babalikan ang mga kasilyas, ang paglilinis ng kasilyas. Ang pagpilipit mo ng mga braso ng mga gago sa eskwela. Ang pagbabasa natin sa klasrum ni Ginang Reyes. Ang pagiging sanggang-dikit natin. Sa pagtatanggal ng mga taeng namagkit. Sa pamimingwit. Lagi't lagi kong makikita ang malamlam mong mata. Lagi't lagi. Tulad ng araw-araw na pag-aalala ko sa'yo nitong huling mga taon.

Noong mga panahong umuwi si Nanay na hindi na makatayo't naglalaway na lamang kapag nagbabalak magsalita, hinahanap kita noon. Gusto ko ng makausap, ng maaaring mayakap. Noong magising ako ng ilang gabi at nasa loob ng kuwarto si Tiyo Lito. Hinanap kita noon sampu ng mga patpat na kawayang tinulisa't ginamit natin sa pagkakalkal. Noong mga panahong alam kong ang presensiya mo lang ang magpapaayos sa lahat.

◆ ◆ ◆

Isinalansan na namin ni Allan ang mga natitirang kanistro. Hindi pa natatapos ang balitang muling bumibida sa'yo ay dumating na si Indoy at ilan pang mga kasama niya kaya't napilitan na kaming mag-asikaso. Umaatikabo na naman ang madaling-araw na ito kaya wala nang panahon para magdrama pa. Pasasaan ba't baka magkikita rin tayo.

Pasado alas-singko na kami nakaalis sa San Rafael sakay ng bangkang de-motor na pinagawa naming dalawa ni Allan. Mahirap pa rin ang buhay dito kaya't kailangang dumiskarte. Mula nang maparalisa't mamatay ang Nanay e hindi ko na alam kung saan kukuha ng panggastos. Kung saan maghahanap ng ipambibili ng gatas, gamot at diapers. Kinailangang dumiskarte.

Marahan ang pagpatakbo ni Allan ng bangka. Nakabuntot sa amin si Indoy at ilan pang kasama. Banayad ang dagat, walang pamilyar na lansa sa buong biyahe. Mga kalahati o higit pang oras nang makita na namin ang lantsa, natukoy dahil sa lumilikot at umiikot nitong pulang ilaw.

Pinadampi ni Allan ang nilulunaran namin sa kanang bahagi ng lantsa. Sumunod naman si Indoy. Binaba ng isang tripulante ang hagdanang lubid at isa-isang umakyat ang mga kasama ko. Si Allan. Si Indoy at iba pa. Naisip ko, kung hindi ka siguro tumuntong ng Maynila ay kasama ka rin namin dito.

Ako na ang sunod na aakyat nang mahulog ang isang kanistro sa sahig ng bangka. Basag. Sumambulat ang asin sa sahig. Agaran ko itong pinagpupulot at kinuyom sa mga palad ko habang naghahanap ng masisidlan. Mabilisan pa rin itong lumulusot sa aking mga palad gaano man kahigpit ang aking pagkakakuyom.